NANGUNGUNANG LINGGUHANG MAGASING PANTAHANAN SA BANSA

# LIWAYWAY

Abril 22, 2019



TULA

## SALIMPUSA

Ni ALDRIN PENTERO

KUWENTO NG LINGGO

## ANG BABAE SA KABILANG BAHAY

Ni ARMANDO T. JAVIER

BAGONG MANUNULAT

## SILANG NAKATINGALA SA LANGIT

Ni KEVIN A. AMANTE

# FAYE TANGONAN

MS. UNIVERSE INTERNATIONAL 2018

MANILA BULLETIN PUBLISHING
771165 698142
SSN 1656-98-14

ESM BOOKSTORE
Telefax (02) 435-1882 / 930-9728
CP# 09052849354

pang magkatrabaho o makabili ng kahit ano, atbp. Basahin – Manila Bulletin Advertisements & Classified Ads

# MGA NILALAMAN

I-like kami sa aming facebook page: www.facebook.com/liwayway.magazine

## NOBELA


**6 Kung Dumating Ang Pag-ibig (27)**
*Efren Abueg*

**9 Saka Na Lang Kita Mamahalin(4)**
*Neri Jedeliz*

**12 Higit Na Matibay (19)**
*Armando T. Javier*


## KUWENTO


**4 Ang Babae Sa Kabilang Bahay**
*Armando T. Javier*

**14 Bisita**
*George Deoso*

**16 Silang Nakatingala Sa Langit**
*Kevin A. Amante*


## KUWENTONG PAMBATA


**18 Plok!**
*KC Daniel Inventor*


## LATHALAIN


**20 Namatay Nga Ba Talaga Si Jesus At...**
*Fernando B. Sanchez*

**22 Paano Ba Dapat Harapin Ang Mga Kabalintunaan...**
*Lilia Borlongan-Alvarez*


## KOMIKS


**28 Sa Mundong Iyon... (31)**
*Perry C. Mangilaya / Donato Santos*

**31 Ako At Ako Lamang (52)**
*Elena M. Patron-Delos Angeles /Rico Rival*

**31 I Love You, Papa**
*Alquin Pulido /Rico Rival*

**38 Doro Dora**
*William Contreras*


## TULA


**40 Salimpusa**
*Aldrin Pentero*


## KOLUM


**24 Haraya**
*Dr. Michael M. Coroza*

**36 Magluto Tayo**
*Mareng Lena*

**36 Balik-Tanaw Sa Kasaysayan**
*Boy A. Silverio*


## SHOWBIZ


**26 Faye Tangonan, Tampok Sa Pelikulang Bakit Nasa Huli Ang Simula**
*Nonie V. Nicasio*

**27 John Estrada, Wala Sa Bokabularyo Ang Pumasok Sa Pulitika**
*Maricris V. Nicasio*


## LIBANGAN



**37 Pag-Usapan Natin!**
*Kuya Sam*

**37 Astrolohiya**
*Madame Sharona*

**38 Palaisipan**
*Jose Marie Gallego*

**38 Math Puzzle**
*Rosemarie Adaya*

**38 Magtawanan Tayo!**
*Simeon Sorrosa*






# Ang Babae Sa Kabilang Bahay


Ni ARMANDO T. JAVIER

**(UNANG BAHAGI)**

Pumihit si Celso at hinabol ang kapitbahay; tinapatan at sinabayan sa pagtakbo.

"Tumatakbo ka rin pala sa umaga..."

"Oo. Nagpapapawis."




**INABALA** ang pagsusulat ni Celso nang maingay na tunog ng de-krudong panggamas ng damo sa kabilang bakuran. Sumilip siya sa bintana ng kanyang kuwarto at nakitang nakapanood at nagmamando sa payat na lalaking naggagamas nang tumaas nang mga damo ang isang babae. Pag-aari ng mag-asawang pastor ang bahay. Matagal na hindi natirhan mula nang mapetisyon ng mga anak sa Amerika. Napagmasdan ni Celso ang babae: katamtaman ang tangkad, maputi, pangahan, bilugan ang katawan pero maliit naman ang baywang. Mukhang suplada lang, laging nakakunot-noo. Isinara uli ni Celso ang bintana, muling naupo sa harap ng mesang sulatan, sa harap ng kanyang makinilyang may nakasubo pang papel at hindi natapos na pangungusap.

Napailing siya. Sira na ang konsentrasyon niya. At kapag gayon, titigil na siya. Bukas na uli. Buwisit na kapitbahay.

Inubos niya ang iniinom na kape, saka nagpalit ng kamiseta at nagpantalon. Inilabas ang kanyang *mountain bike*, ikinandado ang bahay at sumakay na sa bisikleta. Tinapunan niya uli ng tingin ang katabing bahay pero wala na sa harap ang babae at ang manggagamas ng damo, lumipat siguro sa likod-bahay. Muling napailing si Celso at nagpatuloy sa pagpedal patungong bayan.

Maaga pa pero may dalawang sasakyan na, isang SUV at isang kotse, na nililinis sa *car wash* ng kababata at kaklase niyang si Vicoy. Nasa opisina na nga ito at nagkakape habang nanonood ng laban ng NBA sa TV.

"P're, 'lika..."

Naupo siya sa *visitor's chair*.

"Wala kang sulat?"

# Faye Tangonan, tampok sa pelikulang Bakit Nasa Huli Ang Simula

Ni NONIE V. NICASIO


MARAMING pinagkakaabalahan ngayon ang *talented* na *beauty queen* na si Ms. Faye Tangonan. Matapos ang *guest appearance* niya sa *It's Showtime* ay sumabak na siya sa paggawa ng una niyang pelikula *titled Bakit Nasa Huli Ang Simula* na mula sa pamamahala ni Direk Romm Burlat.

Isa siya sa tampok sa naturang *advocacy film* na kasama rin sa *cast* sina William Martinez, Lance Raymundo, Jay-R Ramos, Lester Paul, Maverick Garcia, Noa Hyun, at iba pa.

Ang nasabing *indie film* ay tumatalakay sa lagay ng *human trafficking* sa bansa.

Nauna rito, binigyan siya ng parangal sa Philippine Empowered Men and Women of the Year 2019 na ginanap sa Music Museum *last* March 13.

Si Ms. Faye ay isang *proud* na Cagayanos na mula sa Claveria, Cagayan. Ang mga magulang niya ay sina RTC Judge Eugenio M. Tangonan Jr. at Mrs. Beverly Nebab Tangonan, siya'y may limang kapatid. Naka-base na siya ngayon sa Hawaii, pero ipinagmalaki niya ang kanyang *heritage* at pinagmulan.



Mga larawang kuha ni Wilson Fernandez

Si Ms. Faye ay isang mapagmahal at butihing ina sa mga anak na sina Czean (15 *years old*) at Nigel (13 *years old*).





Nabanggit niyang magkahalo ang naramdaman sa unang pagsabak niya sa pag-arte. "*I'm so thrilled,* kahit *mainstream or indie film,* kahit parang *awkward* sa akin, itinuturing ko itong isang *blessing. I'm kinda nervous* din," nakangiting saad niya.

Masayang pahabol pa niya, "*It was awesome! The cast and the production team are very supportive, most especially our director,* Mr. Romm Burlat *was extremely helpful and supportive! It was actually tiring coz you gotta do the shooting all day and all night long, but it was definitely fun! I had so much fun doing the movie.*"

Aminado rin siya na may *pressure* sa kanyang *part* sa pagharap sa *camera,* kaya dapat na mas mag-*exert* daw siya ng *more effort* sa bawat eksenang hinihingi sa kanya.

Kahit na raw may halong kaba sa simula, pero nawala ito dahil sa suporta ng kanyang mga kaibigan at taong malalapit sa kanya.

"Lahat po ng *scenes are actually challenging for me. I was a victim of human trafficking here so basically I played a role that requires to bring out a lot of emotions,*" sambit pa niya na ang *latest beauty title* na nakamit ay bilang Ms. Universe International 2018.

Idinagdag pa ni Ms. Faye na sa ngayon ay hindi siya sigurado kung magtutuloy-tuloy na ang kanyang pag-aartista. Bukod kasi sa *showbiz* at pagiging *multi-awarded international beauty queen,* ang iba pa niyang pinagkakaabalahan ay ang pagiging isang *humanitarian* at *businesswoman.*

Bilang *beauty queen,* mayroon siyang *advocacy* na tumulong sa mga *less fortune* na tao sa US, lalo na sa Filipinas. "*I actually launched my own foundation with* Miss Universe International Youth Foundation *by* Faye Tangonan *which focuses on helping the less fortunate children. My goal is to create a better world with compassion, grace, and humanity,*" saad pa niya.

Nabanggit din ni Ms. Faye si Coco Martin bilang isa sa hinahangaan niya sa *showbiz.* Kung may *chance* raw siyang makatrabaho *in the future* ang Kapamilya Superstar at bida sa *top rating* teleserye na *FPJ's Ang Probinsyano,* maituturing niya itong isang *dream come true.* Bukod daw kasi sa magaling si Coco, laging pinapanood ng kanyang Dad ang teleserye ng aktor sa ABS CBN.

Kabilang pa sa hinahangaang artista ni Ms. Faye ang mga batikang sina Nora Aunor, Vilma Santos, at Sharon Cuneta dahil silang lahat ay magagaling at premyadong aktres. L

# SALIMPUSA

Hinayaan niyo akong maging
Kasali bagaman hindi kasama—
Isang laro ng pagkunsinti
At pagpapanggap. Iniisip bang
Ito'y pagpapatahan
Sa isang batang umiiyak?

Labis-labis ang hinala
Na ito'y kawang-gawa
Sa inyong palagay.
Subalit anong ibinibigay
Ng pahintulot kung
Walang pagpansin?
Paroo't parito tayo
Sa mga alanganin,
Sa pagkukunwaring
Walang pagkukunwari.

Nais kong sabihing
Hindi totoong
Wala akong itinataya.
Alam ko sa simula't simula
Na sa pagtakbo nang walang
Humahabol at sa pagtatago
Nang walang humahanap
Ay tiyak ang pagkatalo.
Sa larong ito na may pagkilala
Ngunit walang pagtanggap,
Batid kong ako ang tunay
Na pinaglalaruan.

**- ALDRIN PENTERO**

